Pagbubukod at Pagtatapon ng Recyclables at Basura

Sundin ng bawat isa ang mga patakaran para maisulong ang paglikha ng maginhawang pamayanan.

Nasusunog na basura

- Siguraduhing ilagay sa itinalagang supot para sa basura (para sa nasusunog na basura).
  (Itali nang mahigpit ang bunganga ng supot. Hindi kokolektahin ang bagay na lumabas mula sa supot.)

* Bilhin sa malapit na tindahan ang itinalagang supot para sa basura.

- Hangga't maaari tanggalan ng tubig ang basurang pagkain.
- Gawing hanggang 5 supot sa isang sambahayan, kasama ang mga pinutol na sanga, damo atbp.
- Huwag ilagay sa nasusunog na basura ang mga papel tulad ng magasin, samu't saring papel, karton ng kahon (dambōru) atbp., at ang mga tela tulad ng lumang damit atbp., kundi itapon ang mga ito sa recyclables.

Hindi nasusunog na basura



* Balutan ng papel at sulatan ng "Glass" ang mga nabasag na glass.

- Siguraduhing ilagay sa itinalagang supot para sa basura (para sa hindi nasusunog na basura).
  (Itali nang mahigpit ang bunganga ng supot. Hindi kokolektahin ang bagay na lumabas mula sa supot.)

* Bilhin sa malapit na tindahan ang itinalagang supot para sa basura.

- Makipagtulungan sa pag-recycle ng mga fluorescent tube. (Tingnan ang nasa kanang ibaba)
- Siguraduhing tanggalan ng gas ang lighter.
- Huwag na huwag maglagay ng spray can o gas cartridge. Butasan at itapon ang mga ito sa recyclables.
- Itapon sa gamit nang maliliit na home appliance ang mga rechargeable na baterya.
- Kokolektahin bilang hindi nasusunog na basura dahil kailangan ang proseso ng pagdudurog para sa mga pinutol na sangang lampas 3 cm hanggang 10 cm ang diameter na kasya sa supot ang haba.

Malalaking basura

●Ano ang malalaking basura?
Mula sa mga basurang mula sa tahanan, ito ang mga bagay na hindi maitatali ang bunganga kapag inilagay sa 45-litrong itinalagang supot para sa basura, lampas sa 5 kg ang isa, at mga itinalaga ng lungsod.

●Paano ito itatapon?
① Dalhin ninyo mismo sa Kankyō Center
* Basahin ang ibabang bahagi ng likuran nito.
② Mag-apply para sa may-bayad na door-to-door na pagkokolekta

- May bayad na door-to-door na pagkokolekta Telepono para sa pagtanggap 0587-36-5374
  ①Magpa-appointment sa telepono (Oras ng pagtanggap 8:30 am - 5:00 pm sa weekday)
- Maaaring magpa-appointment ng hanggang 5 bagay sa 1 pagkokolekta.
- Para sa mga nahihirapang makarinig o magsalita, gamitin lamang ang FAX (0587-36-3709).
  ②Bumili ng sticker para sa malalaking basura
- Bumili ng 1 pirasong sticker para sa malalaking basura (selyo) na 1,000 yen para sa bawat 1 bagay.
- Bilhin ang sticker sa supermarket, convenience store at iba pang may nakapaskil na nagtitinda ng "Selyo para sa malalaking basura ng Lungsod ng Inazawa."
  ③Dikitan ang malalaking basura ng sticker, at itapon sa araw ng pagkokolekta
- Itapon sa harap ng pasukan ng bahay, sa paradahan o iba pang lugar na nakaharap sa kalsada nang hindi lalampas ng 8:30 am sa araw ng pagkokolekta. (Sa lugar na nakaharap sa kalsada sa 1st floor kung apartment atbp.)
- Kokolektahin kahit umuulan.
  Hindi kailangang naroon kayo, ngunit hindi maaaring magtalaga ng oras.

Mga plastik na lalagyan at pambalot

Mga bote	Mga bote ng shampoo, dressing at iba pa
Mga cup at pack	Mga cup ng instant noodles, pudding at iba pa, at mga pack ng convenience store bento, itlog at iba pa
Mga tray	Mga tray ng gulay, ulam, snacks at iba pa
Mga supot at wrap	Mga plastik na supot ng mga snack at iba pa, at supot mula sa supermarket
Iba pa	Plastik na takip ng bote at iba pa, at styrofoam na pang-cushion ng home appliance at iba pa

Ang mga plastik na lalagyan at pambalot ang mga pangunahing ginagamit sa mga pagkain at araw-araw na kagamitan na lalagyan o pambalot na hindi na kailangan kapag natapos gamitin ang laman. May marka itong .

- Ubusin ang laman, at hugasan ng tubig o punasan kung marumi.
- ★Itapon sa nasusunog na basura ang mga tube ng mayonnaise, toothpaste atbp. na hindi mahuhugasan, at hindi matatanggalan ng dumi.
- Siguraduhing ilagay sa itinalagang supot para sa basura (para sa mga plastik na lalagyan at pambalot)

* Bilhin ang itinalagang supot para sa basura sa tindahang malapit sa inyo.

- Sa mga produktong walang markang (palanggana, timba, toothbrush atbp.), itapon sa hindi nasusunong na basura ang yari sa matigas na plastik, at sa nasusunog na basura ang yari sa malambot na plastik.

* Itapon sa nasusunog na basura ang mga basurang kaugnay sa home medical care (liban sa karayom ng iniksyon).

* Tingnan ang "Diksiyonaryo ng Resources at Pagbubukod ng Basura" para sa mga detalye tungkol sa pagbubukod at pagtatapon ng basura.

Magtanong sa: Dibisyon ng mga Hakbang para sa Resources (sa loob ng Kankyō Center, Lungsod ng Inazawa)
☎0587-36-0135

Recyclables

Uri		Pagbubukod, pagtatapon, mga bagay na dapat pag-ingatan atbp.
Mga papel	①Diyaryo/flier ②Magasin ③Samu't saring papel ④Karton ng kahon (dambōru) ⑤Karton ng gatas * Ipagbukod- bukod sa 5 uring ito.	 ● Talian ang bawat uri at dalhin sa imbakan. ● Papel ng karton, kahon ng matatamis, pambalot na papel, sobre, papel na pang-memo at iba pang maaaring i-recycle na papel ang samu't saring papel. (sa nasusunog na basura ang litrato, paper cup, resibo at iba pang thermal paper, papel na may nakadikit na vinyl atbp.) * Itali sa isang bungkos ang 30 piraso (mga 1 kg) ng karton ng gatas (1 litro).
Mga tela	Lumang damit, kumot, sheets, kurtinang yari sa tela atbp. * Sa patakaran, sakop ang lahat ng mga damit na mula sa tahanan.	 ● Ilagay sa clear na supot para sa basura at dalhin sa imbakan. ● Sa nasusunog na basura ang mga damit na basa, nadumihan ng langis o pintura, stuffed toys, karpet, futon, retaso atbp.
Mga glass na bote	Bote ng sake, inumin, mantika, pampalasa, cosmetics atbp. * "Clear," "Brown," "Berde," at "Iba pang kulay" ang mga uri para sa pagbubukod	 ● Ilagay sa lalagyan para sa pagkokolekta sa imbakan pagkatapos banlawan at ibukod sa 4 na kulay. ● Tanggalin ang takip. ● Maaaring iwan ang inner plug at label na mahirap tanggalin. ● Sa hindi nasusunog na basura ang mga glass na baso at pinggan, bote ng gamot liban sa likidong gamot atbp.
Mga metal	Latang steel Paano malalaman スチール	 ● Ilagay sa lalagyan para sa pagkokolekta sa imbakan pagkatapos banlawan. ● Sakop sa maliliit na bakal ang kaldero, takure, kawali atbp., at mga lalagyang metal na hanggang sa laki ng 18 litrong kuwadradong lata (itto-kan). ● Ubusin ang laman, butasan at itapon ang mga spray can at gas cartridge. (Gawin lamang ang pagbutas sa lugar sa labas kung saan walang pagmumulan ng apoy.)
	Maliliit na bakal (kaldero, spray can atbp.)	
	Latang aluminum Paano malalaman アルミ	 ● Ilagay sa lalagyan para sa pagkokolekta sa imbakan pagkatapos banlawan. ● Sa lalagyan para sa pagkokolekta ng latang steel ang takip na yari sa metal.
PET bottle	PET bottle ng mga inumin, alak, toyo at iba pa Paano malalaman 1 PET	 ● Ilagay sa supot para sa pagkokolekta sa imbakan pagkatapos banlawan. ● Tanggalin ang takip, at tanggalin din ang label hangga't maaari. (sa mga plastik na lalagyan at pambalot ang tinanggal na takip at label)

Gamit nang baterya	Bateryang manganese/alkaline, bateryang button cell		●Ilagay sa permanenteng kahon para sa pagkokolekta sa city hall, branch office o community center. ●Iluwi ang supot o iba pang ginamit sa pagdadala ng mga ito.	● Dikitan ng tape ang elektrodo ng button cell battery, at saka itapon.
Gamit nang mantika	Vegetable oil para sa pagkain (salad oil, sesame oil, olive oil atbp.)			● Kinokolekta rin sa pampook na estasyon. ● Ilagay sa PET bottle, isara ang takip, at saka itapon.
Gamit nang produktong yari sa mercury	Mga yari sa mercury na clinical thermometer, sphygmomanometer, thermometer (liban sa fluorescent tube)			● Itapon nang nakalagay sa case kung saan nakalagay ang produkto. ● Kung nabasag ang gamit nang produktong yari sa mercury, balutan ng diyaryo o iba pa at itapon sa hindi nasusunog na basura.
Gamit nang maliliit na home appliance	Portable na maliliit na home appliance atbp. (de-kuryenteng produktong hanggang 20 cm ang haba)			● Mayroon ding kahon para sa pagkokolekta sa central library. ● Maaari ring itapon ang maliliit na bateryang rechargeable. * Tanggalin ito mula sa home appliance.
Gamit nang fluorescent tube	Diretso at pabilog na fluorescent tube, fluorescent na bumbilya		●Kinokolekta sa Kankyō Center at sa mga pampook na estasyon.	● Balutan ng diyaryo o iba pa, at itapon sa hindi nasusunog na basura ang nabasag na fluorescent tube.

Mga bagay na sakop sa Batas hinggil sa Pagrerecycle ng mga Home Appliance



Kailangan ang prosesong naaayon sa Batas hinggil sa Pagrerecycle ng mga Home Appliance. Magkonsulta sa tindahan sa loob ng lungsod, at bayaran ang fee para sa pagrerecycle ng home appliance at paghahakot.

●Kung mahirap ang pagtanggap sa tindahan
Pagkatapos mabayaran ang fee para sa pagrerecycle atbp. sa post office, maaari ang sumusunod na paraan ng pagtatapon.
①Dalhin ninyo mismo sa itinalagang lugar ng pagtanggap.
②Ipakiusap ang paghahakot sa lungsod (kailangang magpa-appointment)
(fee sa paghahakot 3,000 yen = 3 sticker para sa malalaking basura)
* Hindi maaaring dalhin sa Kankyō Center.

Personal computer

Maaaring gawin ang sumusunod na paraan para sa personal computer.
①Pagdadala sa Kankyō Center (may bayad)
②pagkokolekta ng manufacturer
Kung may PC recycle mark, mag-apply sa manufacturer (walang bayad)
③Mag-apply sa may bayad na door-to-door na pagkokolekta bilang malalaking basura (may bayad)
④Pagkokolekta sa bahay
Mag-apply mula sa website ng ReNet Japan http://www.renet.jp/ (walang bayad)

Basurang hindi kinokolekta ng lungsod (mahirap iprosesong bagay)

(Industriyal na basura)